

Anchorage Abril 13, 2022

Pamilya ng ASD, Mga Kaibigan, at Komunidad,

Sa ngalan ng Anchorage School Board, ikinalulugod kong ianunsyo na si Dr. Jharrett Bryantt ang magiging bagong superintendente natin simula Hulyo 1, 2022. Nangako siya sa isang tatlong taong kontrata sa Distrito. Bagama't si Dr. Bryantt ay opisyal na mamumuno sa Hulyo, siya ay darating nang maaga upang direktang makipagtulungan kay Dr. Bishop sa isang maayos at matagumpay na paglipat.

Pinili namin si Dr. Bryantt dahil sa kanyang nagbabagong pananaw, ang kanyang walang humpay na pangako sa pantay na edukasyon, at ang kanyang malakas na karanasan sa pamumuno sa isang malaking distrito ng paaralan. Ipinapahayag niya ang mga tiyak at makabagong plano upang mapabuti ang kasanayan sa pagbabasa at matematika. Siya ay nakatutok sa mga estudyante at sa kanilang pang-akademiko, panlipunan, emosyonal, at mental na kalusugan. Sa wakas, sinasalamin ni Dr. Bryantt ang mga katangian ng pamumuno na kapwa mahalaga sa ating mga estudyante, ating mga kawani, ating mga pamilya, at ating komunidad.

Lubos kaming naniniwala na si Dr. Bryantt ay may pananaw at pangako sa pampublikong edukasyon para sa lahat ng mga bata, isang malalim na pag-unawa sa K-12 na sistema ng edukasyon, at nagtataglay ng integridad, katapatan, at kakayahang panatilihin nakatuon ang mga estudyante. Nilalaman niya ang mga katangian at pagpapahalagang ito, pati na rin ang pagpapakita ng tagumpay sa pamumuno ukol sa pangangasiwa, kumplikadong pagbabago sa organisasyon, at pamamahala sa pananalapi.

Hinihikayat namin kayo na basahin ang tungkol sa pananaw ni Dr. Bryantt para sa Anchorage School District gayundin ang bagong impormasyon na ibinahagi niya sa amin sa proseso ng pakikipanayam. Ito ay nai-post sa aming Superintendent Search webpage.

Gusto kong personal na magpasalamat sa inyong input at suporta! Napakahalaga na magkaroon ng mga estudyante, kawani, pamilya, stakeholder, at komunidad na kasangkot sa paghahanap na ito. Ipinagmamalaki ko ang pagsusumikap mula sa lahat ng kasangkot. Salamat!

Sa Serbisyo,
Margo Bellamy
Presidente
Lupon ng Paaralan ng Anchorage